



DEPARTMENT OF PUBLIC SOCIAL SERVICES FORM NG REKLAMO SA BATAS PARA SA MGA AMERIKANONG MAY KAPANSANAN



Ang form na to ay idinisenyo upang lutasin ang mga reklamo ng kostumer ng Department of Public Social Services (DPSS) tungkol sa mga diumanong paglabag sa Americans with Disabilities Act (ADA).

Ang paggamit ng form na ito ay hindi kinakailangan upang sumunod sa mga pederal na regulasyon at hindi magsisimula ng demanda.

Ikaw o ang iyong pinahintulatang kinatawan ay maaaring magsampa ng reklamo kung pinaghihinalaan mo na ikaw ay nadiskrimina dahil sa iyong kapansanan o kung hindi ka inalok o binigyan ng tulong dahil sa kapansanan. Maaaring kabilang sa mga kapansanan ang, ngunit hindi limitado sa mga problema sa paglalakad, pag-upo, pagtayo, pagbabasa, pag-aaral, pag-unawa, pagsasalita, pandinig, paningin, napapaligiran ng maraming tao, at pagkawala ng memorya.

Mga Tagubilin

1. Kumpletuhin ang kalakip na form ng reklamo. Isama ang iyong pangalan, numero ng kaso, address, numero ng telepono ng nagrereklamo at isang maikling paglalarawan ng di-umano'y (mga) paglabag.
2. Ibigay ang mga hakbang na kailangang gawin para malutas ang mga di-umano'y (mga) paglabag.
3. Ikaw o ang iyong pinahintulatang kinatawan ay lalagda sa form ng reklamo.
4. Isumite ang form ng reklamo nang personal sa alinmang tanggapan ng DPSS, sa pamamagitan ng telepono, fax, email, o ipadala sa:

Department of Public Social Services
Attn: Civil Rights Section
12860 Crossroads Parkway South
City of Industry, CA 91746
Civil Rights Complaint Hotline:
(562) 908-8501
Fax: (562) 692-2240

TTY: (877) 735-2929 (California Relay)
Email: DPSSCivilRights@dpss.lacounty.gov

Los Angeles County Chief Executive Office (CEO)
Attn: Disability Civil Rights Section
500 West Temple Street, Room 754
Los Angeles, California 90012
Telephone: (213) 202-6944
TTY: (800) 855-7100 (California Relay)
Email: Adavis@ceo.lacounty.gov

5. Maaari kang humiling ng isang hindi pormal na pagpupulong sa DPSS ADA Title II Coordinator upang sagutin ang anumang mga katanungan.
6. Magtatalaga ang DPSS ng isang imbestigador na magbibigay ng resibo ng pagtanggap ng iyong nakasulat na reklamo.

Mangyaring Tandaan:

- Ang paggamit sa hindi pormal na pamamaraan ng reklamo na ito ay hindi kinakailangan sa ilalim ng mga pederal na regulasyon at hindi rin ito nagbabawal na magsampa ng reklamo sa naaangkop na pederal na ahensya ng pagpapatupad.
- Ang anumang paghihiganti, pamimilit, pananakot, pagbabanta, panghihimasok, o panggugulo dahil sa paghain ng reklamo ay ipinagbabawal at dapat iulat kaagad sa DPSS ADA Title II Coordinator sa (562) 908-8501 o sa CEO ng County, Disability Civil Rights Section: (213) 202-6944.

Ang form na ito ay makukuha sa iba't ibang format mula sa Departmental ADA Coordinator.



**DEPARTMENT OF PUBLIC SOCIAL SERVICES
FORM NG REKLAMO SA BATAS PARA SA
MGA AMERIKANONG MAY KAPANSANAN**



Taong kumukumpleto ng form (*lagyan ng tsek ang isa*):

Nagrereklamo

Pinahintulatang Kinatawan

Pangalan: _____ Numero ng Kaso: _____

Address: _____

Numero ng Telepono: () _____

Email: _____

PINAGHIHINALAANG PAGLABAG

Ilarawan ang hinihinalang paglabag sa ADA. Magbigay ng sapat na detalye upang mapalinaw ang iyong reklamo (maglakip ng mga karagdagang pahina kung kinakailangan).

Petsa ng Pangyayari: _____

HINIHINGING AKSYON

Anong aksyon ang hinihiling mong gawin ng County, upang iwasto ang di-umano'y paglabag sa ADA?

Lagda ng Nagrereklamo: _____ Petsa: _____

Lagda ng Pinahintulatang Kinatawan _____ Petsa: _____